# 2024 Pambansang Sarbey ng Pilipinas sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Kabataang LGBTQ+



# TALAAN NG NILALAMAN

**TALAAN NG NILALAMAN** 1
**BUOD NG ULAT** 2
Mga Pangunahing Natuklasan 3
Buod ng Metodolohiya 3
Mga Rekomendasyon 3
**KONTEKSTO NG PAG-AARAL** 4
**METODOLOHIYA** 7
**DEMOGRAPIKO** 9
**MGA RESULTA** 13
Kalusugang Pangkaisipan at Panganib ng Pagpapakamatay 13
Panganib ng Pagpapakamatay 13
Kalusugang Pangkaisipan 16
Pananakit ng Sarili 17
Mga Nagpapataas ng Panganib 19
Conversion Therapy 19
Kawalan ng Tahanan 21
Diskriminasyon at Pambibiktima ng mga Anti-LGBTQ+ 22
Self-Stigmatization o Kahihiyan sa Sarili 24
Akses sa Pangangalaga 24
Mga Proteksiyon 25
Pagtanggap ng Komunidad 25
Mga Inklusibong Karanasan sa Pagiging LGBTQ+ 26
Mga Suporta 28
Relihiyon 30
**MGA REKOMENDASYON** 31
Tungkol sa The Trevor Project 35
Pagkilala 35
Inirerekumendang Sipi 35
Para sa katanungan ng media 35
Para sa katanungan kaugnay ng pag-aaral 35
**MGA SANGGUNIAN** 36

# BUOD NG ULAT

Ang Pambansang Sarbey ng Pilipinas sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Kabataang LGBTQ+ sa Taong 2024 ay ang kauna-unahang sarbey sa buong bansa na nakatuon sa mga LGBTQ+ na kabataan at indibidwal at sa mga sosyo-ekonomikong kadahilanang nakaiimpluwensiya sa kanilang kalusugang pangkaisipan. Maliban sa mga pambansang demograpikong pag-aaral na may impormasyon tungkol sa sexual orientation at gender identity (SOGI), ang pambansang sarbey na ito ang kauna-unahang malawakang pagsusuri sa kalusugang pangkaisipan ng kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas.

Ang proyektong ito ay pinangunahan ng The Trevor Project at ng Psychological Association of the Philippines (PAP) LGBT Psychology Special Interest Group, ang kauna-unahang pormal na kinikilalang kolektibo ng mga psychologist at mga kaalyadong propesyonal sa mental health sa Timog Silangang Asya.

Ang sarbey ay nagbibigay-diin sa mga natatanging karanasan at stressor na kinahaharap ng mga kabataang LGBTQ+. Habang ang mga resultang ito ay naglalarawan ng ilang hamon sa mental health na makikita sa grupong ito, nagpapakita rin ito ng mahahalagang pananaw sa mga proteksiyong maaaring magpabuti sa kalusugang pangkaisipan ng mga LGBTQ+.

Para sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, nananatiling napakakaraniwan ng pagkabalisa, depresyon, at pag-iisip o pagtatangkang magpakamatay. Gayunpaman, ipinakikita ng sarbey na ang pagtanggap ng mga komunidad, pagsuporta sa mga miyembro ng pamilya, at pakikilahok sa mga gawaing panrelihiyon, bukod sa iba pang mga kadahilanan, ay nauugnay sa mas mababang posibilidad ng isyu sa kalusugang pangkaisipan.

Pinapakita ng mga resultang ito ang isang roadmap upang mas mahusay na maunawaan ang kalusugang pangkaisipan at mga karanasan ng kabataang LGBTQ+ sa buong bansa, at kung ano ang mga hakbang na maaari nating gawin bilang mga nakatatanda at mga ally upang suportahan ang mga kabataang ito.

Umaasa kami na ang mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan,mga gumagawa ng patakaran, mga guro, at iba pang propesyonal at organisasyon na humaharap sa mga kabataan ay gamitin ang mga datos na ito bilang resource upang makatulong na bumuo ng ligtas at bukas na mundo na nararapat sa lahat ng mga kabataan – kabilang ang mga kabataang Pilipino na LGBTQ+.

THE TREVOR PROJECT in collaboration with Psychological Association of the Philippines LGBT Psychology Special Interest Group

## Mga Pangunahing Natuklasan

1. Tatlo sa apat (75%) na kabataang LGBTQ+ ay kailanmang nakaranas na seryosong isipin ang tungkol sa pagpapakamatay, at halos kalahati (46%) ay kailanmang nagtangkang magpakamatay. Higit isa sa tatlo (34%) ang nagtangkang magpakamatay sa nakaraang taon.
2. Nag-ulat ang karamihan ng mga kamakailang sintomas ng depression (62%) at anxiety (62%), pati na rin ang pananakit ng sarili sa nakaraang taon (59%).
3. Halos isa sa bawat limang (19%) kabataang LGBTQ+ ang nag-ulat na pinagbantaan o pinasailalim sa conversion therapy, na siyang nauugnay sa pagkakaroon ng mas mataas na antas ng problema sa kalusugang pangkaisipan.
4. Halos dalawa sa tatlo (63%) ang itinuturing na isang pasanin ang kanilang LGBTQ+ na pagkakakilanlan at higit sa kalahati (58%) ang hindi komportable na ipakita sa iba ang kanilang tunay na sarili, na parehong nauugnay sa pagkakaroon ng mas mataas na antas ng depression, anxiety, at pananakit ng sarili.
5. Ang pagkakaroon ng kumpiyansa sa iyong LGBTQ+ na pagkakakilanlan, pamumuhay sa komunidad na bukas at mapang-unawa, pagtanggap ng nakatutulong na therapy, at ang pagbuo ng nakabubuting estratehiya sa pagharap sa mga problema ay lahat na nauugnay sa mas mababang antas ng isyu sa kalusugang pangkaisipan.

## Buod ng Metodolohiya

Isang kantitatibong disenyong cross-sectional ang ginamit upang mangalap ng datos sa pamamagitan ng isang online na platapormang pang-sarbey sa pagitan ng Hunyo 9, 2023 at Hunyo 30, 2023. Ang sarbey ay mababasa sa wikang mga wikang Ingles, Tagalog, Cebuano, at Hiligaynon. Isang sampol ng mga indibidwal na LGBTQ+ na nasa edad 15 hanggang 24 at nakatira sa Pilipinas ang nakalap gamit ang mga target ad sa social media. Sumagot ang mga kalahok ng mga tanong tungkol sa kanilang mental health, pati na rin sa mga kondisyong nagbibigay panganib at proteksiyon. Kasama sa mga pagsusuri sa ulat na ito ang panghuling sampol na pang-analitiko ng 5,515 na kabataang LGBTQ+.

## Mga Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan, binibigyang-diin ng ulat ang agarang pangangailangan na gawing priyoridad ang kalusugang pangkaisipan ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas. Kabilang sa mga rekomendasyon ang pagpapaigting ng mga kapaligirang nakakapagbigay ng suporta at pag-unawa, lalo na mula sa pamilya at mga kaibigan, bilang mahahalagang kondisyon laban sa mga isyu sa mental health at pagpapakamatay. Isinusulong ng ulat ang mga

pangangalagang pangkalusugan at serbisyo ng komunidad na abot-kamay at inklusibo sa LGBTQ+, at kinikilala ang kahalagahan nito sa pamamahala ng stress at pagsulong ng kalusugan. Dahil sa mahal na serbisyo sa mental health at sa kalaganapan ng mga pamilyang hindi nagbibigay suporta o hindi kayang magbigay ng pinansiyal na tulong, mahalagang siguruhin ang malayang akses sa pangangalaga ng kalusugang pangkaisipan para sa mga kabataang LGBTQ+. Tinutugunan din ang mapanganib na pagsasagawa ng conversion therapy, at nananawagan ang ulat para sa ganap na pagwawakas nitong mapanganib at hindi kinikilalang praktis. Bukod pa rito, itinatampok ng ulat ang pangangailangan para sa akses sa inklusibong pangangalaga para sa mga kabataang transgender at nonbinary, at binibigyang-diin ang potensiyal nitong magligtas ng maraming buhay. Panghuli, iminumungkahi ang isang interseksiyonal at sistemikong pamamaraan ng pagtugon sa mga pangangailangan sa mental health ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, at ang pagpapalaganap ng kamalayan at pagbuo ng patakaran para sa proteksiyon ng mga nagpag-iiwanang grupo sa loob ng komunidad ng LGBTQ+.

## KONTEKSTO NG PAG-AARAL

Nahaharap ang mga indibidwal na LGBTQ+ sa Pilipinas sa mga malaki at natatanging hamon at stressor sa buhay, na humahantong sa iba't ibang hindi kanais-nais na kinahihinatnan ng kalusugang pangkaisipan (IOM, 2011; UNDP, USAID, 2014). Isa sa pinakamalubhang kinahihinatnan nito ay ang pagpapakamatay, na siyang ikaapat na pangunahing sanhi ng kamatayan sa mga indibidwal na may edad na 15 hanggang 29 (WHO, 2021). Noong 2019, binigyang priyoridad ng WHO ang pagbabawas ng bilang ng pagpapakamatay sa pamamagitan ng paglalakip nito bilang isang indicator sa United Nations' Sustainable Development Goals (SDGs target 3.4.2) ng United Nations sa 13th General Programme of Work 2019-2023 ng WHO at WHO Mental Health Action Plan 2013-2030. Habang patuloy na sinusuri ang mga mekanismo para sa panganib ng pagpapakamatay – halimbawa, kung paanong ang panganib sa pagpapakamatay tulad ng depression ay naaapektuhan ng mga kontekstong tulad ng income (Cleofas & Alibudbud, 2022) – malinaw na malaki ang kontribusyon ng mga nararanasang minority stress sa hindi proporsiyonal na panganib ng pagpapakamatay na nararanasan ng mga LGBTQ+ kahit na isaalang-alang ang iba pang kondisyon (Almeida et al., 2009; Haas et al., 2011).

Ang mga resultang ito ay maaaring dulot ng tinatawag na *minority stress*, na malawakang tinutukoy bilang 'labis na pagkakalantad ng isang tao sa social stress … dahil sa kanilang stigmatized na katayuan sa lipunan' (Frost & Meyer, 2023), partikular na batay sa kanilang sexual orientation at gender identity (SOGI). Kabilang sa mga social stressor na ito, na

maaaring makita sa iba't ibang anyo ng diskriminasyon at eksklusyon, ang iba't ibang karanasan, mula sa pambu-bully at panliligalig hanggang sa limitadong akses sa mahahalagang serbisyong pangkalusugan o paglaki sa kultura kung saan itinuturing na abnormal o imoral ang hindi heteroseksuwal at hindi cisgender na mga karanasan (Alibudbud, 2023; 2021; ASEAN SOGIE Caucus, 2017; Manalastas, 2016, 2013; Manalastas & Torre, 2016; Meyer, 2003; Reyes et al., 2015; Reyes et al., 2017a; Reyes et al., 2017b; Tan & Saw, 2022). Ang mga stressor na ito ay humahantong din sa pagbuo ng *internalized stigma* na malawakang tinutukoy bilang hindi pagiging komportable sa sariling SOGI dahil sa internalisasyon ng mga negatibong pamantayan at saloobin. Kilala rin ito bilang *internalized homophobia* (Meyer & Frost, 2009) o *internalized transphobia* (Garro et al., 2022), na lalo pang nagpapalala sa mga mapanganib na kondisyon ng mental health ng mga LGBTQ+ (Kittiteerasack et al., 2021; Reyes et al., 2017; Tan et al., 2019).

Ang ganitong mga pattern ay nakikita rin sa mga pag-aaral na ginawa sa konteksto ng Pilipinas, ayon sa natuklasan ni Reyes et al. (2024), na nagpapahiwatig na sa pangkalahatan ay hindi mainam ang mental health ng mga LGBTQ+ na Pilipino. Dumadagdag ito sa mga panganib ng pagbuo ng imahinasyon tungkol sa pagpapakamatay sa mga LGBTQ+ na Pilipino kumpara sa mga indibidwal na heterosekswal at cisgender. Mas pinalulubha ang mga panganib na ito ng iba pang indibidwal at panlipunang kadahilanan, kabilang ang mga dati nang sakit sa kalusugang pangkaisipan, kamakailang pagtatangkang pagpapakamatay ng mga mahal sa buhay, at naranasang pagbabanta o pagiging biktima dahil sa kanilang SOGI. Ang mga kondisyong ito ay nagpapataas ng internalized stigma (Alibudbud, 2023; Cleofas & Alibudbud, 2023; Bautista et al., 2017; Manalastas, 2013; 2016; Manalastas & Torre, 2016; Reyes et al., 2015; Reyes et al., 2017a; Reyes et al., 2017b; Tan & Saw, 2022).

Ang mga kamakailang pangyayari sa buong mundo, lalo na ang pandemya ng COVID-19, ay lalo pang nagpabigat sa stress na nararanasan ng kabataang Pilipino (Joaquin et al., 2020; Hechanova et al., 2022). Halimbawa, natuklasan na ang mga panganib sa kalusugang pangkaisipan ng mga kabataang LGBTQ+ na nag-aaral sa kolehiyo noong panahon ng lockdown ay lalong lumala dahil sa pangangailangang bumalik at mamuhay kasama ang mga indibidwal o kapamilya na hindi sumusuporta sa kanilang SOGI (Fish et al., 2020).

Ang mga kondisyong panlipunan at kultural, batay sa pag-aaral, ay isang malaking hadlang sa epektibong pagtugon sa kalusugang pangkaisipan para sa mga LGBTQ+ na Pilipino. Ipinahihiwatig ng mga datos mula sa umiiral na sarbey research na ang mga Pilipino ay may mataas na antas ng pagtanggap sa mga relasyon na same-sex (Abad, 2020; Pew Research Center, 2019), at ipinahahayag ng ilan na ang bansa ay "gay-friendly" kumpara sa iba (Tubeza,

2013). Gayunpaman, may mga nagsasabing ang tila pagtanggap na ito sa mga LGBTQ+ na Pilipino ay kondisyonal at moderate lamang (Manalastas et al., 2017). Ang kamakailang pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang mga negatibong saloobin patungkol sa mga indibidwal na LGBTQ+ at sa kanilang mga karanasan ay patuloy na nangingibabaw at ito ang default na perspektibo (Reyes et al., 2021; Reyes et al., 2023).

Bagaman ang pagkilala o pagpapahayag sa sarili bilang LGBTQ+ ay hindi isang krimen sa Pilipinas kumpara sa ibang bansa sa Timog-Silangang Asya (ASEAN SOGIE Caucus, 2021), ang mga Pilipinong LGBTQ+ ay humaharap pa rin sa mga malalaking hamon pagdating sa mga batas na maaaring maapektuhan ang buhay nila at ng kanilang mga pamilya. Kabilang dito ang kawalan ng pagkilala sa pagkakakilanlan ng kasarian na labas sa cisheteronormatibong pananaw at mga limitasyon sa karapatang pang-ekonomiya at pagkilala ng batas sa pagdedesisyon para sa mga mag-partner na same-sex (hal., angkarapatan na magbigay ng mga desisyong medikal para sa kanilang same-sex partner sa mga krisis sa kalusugan). Pinakatanyag na halimbawa ng hamon pag dating sa batas sa bansa ay ang 'SOGIE Equality Bill,' na naglalayong magbigay ng komprehensibong proteksiyon para sa mga LGBTQ+ na Pilipino, ngunit sa loob ng higit dalawang dekada ng pagtatalakay sa iba't ibang anyo ay nananatiling nakabinbin hanggang sa panahong isinulat ito (Ildefonso, 2024). Bagaman mayroong higit sa dalawampu't walong yunit ng lokal na pamahalaan ang nagpatupad ng mga lokal na ordenansa laban sa diskriminasyon batay sa SOGIE (Talabong, 2020), magulo ang implementasyon nito at nasasakop lamang ang mga hurisdiksiyon ng maliit na bahagi ng bansa (Bilon, 2018; Bilon & de Leon, 2018; Manalastas, 2017). Ang konteksto ng mga batas sa Pilipinas ay sumasalamin sa pananaw ng lipunan patungkol sa mga LGBTQ+, kung saan malawakan ang diskriminasyon at laganap ang mga negatibong pananaw (Abesamis & Alibudbud, 2024; Bernardo, 2013; Manalastas & Torre, 2013; Reyes et al., 2015). Ang mga batas na mapangdiskrimina at kakulangan sa proteksiyon na nakasaad sa batas ay nagpapalubha sa stigma at diskriminasyon, na siyang nagpapataas ng panganib na dala ng mga isyu sa kalusugang pangkaisipan at pagpapakamatay ng mga nabibilang sa LGBTQ+ (Figueiredo & Abreu, 2015; Greene-Rooks et al., 2021; Ventriglio et al., 2022).

Panghuli, bagaman ipinakikita ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas ang estratehikong paggamit ng social media upang suportahan ang isa't isa sa kanilang SOGI (Hanckel et al., 2019), binigyang-diin ng Psychological Association of the Philippines (PAP) ang kakulangan ng edukasyon tungkol sa LGBTQ+ at mga pag-aaral tungkol sa SOGI (Manalastas, 2013; Manalastas & Torre, 2016). Mayroong nakababahalang pangangailangan para sa mas inklusibong kurikulum, at karamihan sa mga paaralan sa bansa ay walang edukasyon patungkol sa LGBTQ+ (Sayson & Nisperos, 2015). Bukod pa rito, kakaunti at bibihira ang mga

pambansa at malawakang kwantitatibong pag-aaral na nakatuon sa mga buhay ng mga populasyong nasa minorya ang pagkakakilanlan ng kanilang seksuwalidad at kasarian, lalo na iyong mga tumutugon sa mga isyu patungkol sa mental health ng LGBTQ+.

Ang pambansang pag-aaral na ito ay sinimulan upang maunawaan ang kalagayan ng mental health ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, sapagka't kinikilala ang agarang pangangailangan na tugunan ang iba't ibang isyu na hinaharap ng mga kabataang LGBTQ+ na Pilipino tungkol sa kanilang mental health. Ang pag-aaral na ito, na sinimulan ng The Trevor Project, ay naglalayong mag-ambag ng kaalaman upang magbigay ng impormasyon sa mga interbensiyon, patakaran, at mga sistemang suporta na naaangkop sa mga pangangailangan ng komunidad ng LGBTQ+ na natatangi sa konteksto ng Pilipinas.

## METODOLOHIYA

Ang nilalaman at metodolohiya para sa 2024 Pambansang sarbey ng Pilipinas sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Kabataang LGBTQ+ ay naaprubahan ng isang independiyenteng Institutional Review Board sa Estados Unidos at isang lokal na independiyenteng Institutional Review Board sa Pilipinas, ang Philippine Social Science Council-Social Science Ethics Review Board.

Isang kantitatibong disenyong cross-sectional ang ginamit upang mangalap ng datos sa pamamagitan ng isang online na platapormang pang-sarbey mula Hunyo 9, 2023 hanggang Hunyo 30, 2023. Isang sampol ng mga indibidwal na nasa edad 15 hanggang 24 at nakatira sa Pilipinas ang kinalap  gamit ang mga target ad sa social media. Hindi ginamit ang website o social media accounts ng The Trevor Project para sa pagkalap ng mga kalahok. Itinuturing na LGBTQ+ ang mga kalahok kung ang kanilang sexual orientation ay iba sa heteroseksuwal, ang kanilang pagkakakilanlan sa kasarian ay iba sa cisgender, o pareho. Sinubaybayan ang recruitment upang matiyak ang sapat na laki ng sampol batay sa edad, rehiyon, kasarian, at sexual orientation. Ang mga kuwalipikadong kalahok ay nagsagot ng isang ligtas na palatanungang online na naglalaman ng hindi humigit sa 70 na mga tanong.

Mayroong 21,724 na kalahok na nagsimulang sagutan ang sarbey. Sa kabuuan, 12,872 ang pumayag na simulan ang sarbey at natukoy bilang unique responder batay sa mga spam at duplicate identifier. Sa mga iyon, may 704 na tumugon ngunit hindi pinatuloy dahil sa edad (hindi 15-24) o lokasyon (hindi sa PH). Karagdagang 3,876 na kalahok ang hindi tinanggap dahil hindi sila tumugma sa iba pang pangangailangan sa demograpiya, tulad ng hindi pagsagot sa mga tanong sa demograpiya tungkol sa sexual orientation at gender identity at

sa hindi pagiging LGBTQ+. Karagdagang 2,019 ang tinanggal dahil hindi sila pumasa sa tanong ng katibayan, 159 ang hindi isinama dahil maraming beses silang sumagot sa sarbey, at 197 ang hindi isinama dahil hindi sila naging tapat sa buong sarbey. **Nagresulta ito sa kuwalipikadong sampol na 5,515 LGBTQ+ na kabataang may edad na 15-24 sa Pilipinas**.

Gumamit ang mga mananaliksik ng chi-square test upang suriin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo. Maliban na lang kung sadyang binanggit na hindi ito isasama, statistically significant ang mga paghahambing na nasa $p < 0.05$ na nangangahulugang mayroong $< 5\%$ na posibilidad na nagkataon lamang ang nakitang resulta. Ang mga resultang statistically significant lamang ang kasama maliban na lang kung sadyang binanggit na tatanggalin ito. Tinanggal ang lahat ng iba pang hindi makabuluhang resulta. Inilagay din sa notes ang mababang bilang ng mga kalahok. Kasama sa lahat ng mga paghahambing ang mga sub-group na may laki ng sampol na $n > 50$ maliban na lamang kung tukoy na binanggit.

Ang mga tanong tungkol sa pag-iisip at pagtatangka ng pagpapakamatay, pati na rin ang pagsasagawa ng pananakit sa sarili, sa nakaraang taon ay kinuha mula sa palatanungan sa Youth Risk Behavior Survey ng Centers for Disease Control and Prevention. Ang mga tanong tungkol sa anxiety at depression ay kinuha naman mula sa Generalized Anxiety Disorder 2 (GAD-2) at Patient Health Questionnaire 2 (PHQ-2).

Ang bawat tanong na may kaugnayan sa mental health at pagpapakamatay ay sinisimulan ng isang mensahe na nagsasabing, "**Kung kailangan mong may makausap tungkol sa iyong mental health o mga saloobin tungkol sa suicide, mangyaring makipag-ugnay sa**:" kasama ang listahan ng mga psychological chat at hotline services na sumusuporta sa mga indibidwal na LGBTQ+ sa Pilipinas.

Ang mga tanong tungkol sa well-being o ginhawa ay kinuha mula sa Five Well-Being Index ng World Health Organization (WHO-5). Ang iskor sa ginhawa ay binuo sa pamamagitan ng pagkuha ng mean na iskor sa WHO-5 ng sampol(40.9), at paglikha ng split variable na may tatlong antas gamit ang standard deviation ng mean (21.5). Maraming tanong din ang kinuha mula sa palatanungan ng Philippines National Demographic and Health Survey (2017).

Ang ulat na ito ay ginagamit ang LGBTQ+ bilang pangkalahatang termino para sa lahat ng mga hindi cisgender at hindi heteroseksuwal na kabataan. Ang "trans at nonbinary" ay ginagamit bilang pangkalahatang termino para sa lahat ng hindi cisgender na kabataan. Kasama rito ang mga kabataang trans at nonbinary pati na rin ang mga kasarian na nasa labas ng binary (hal., genderqueer, agender, genderfluid, gender neutral, bigender).


Ang mga rehiyong heograpiko ay nakatala ayon sa sumusunod: **Luzon**, [Rehiyon ng Ilocos, Cagayan Valley, Gitnang Luzon, Calabarzon, Rehiyon ng Bicol, Cordillera Administrative Region, Mimaropa, at National Capital Region] **Visayas** [Kanlurang Visayas, Gitnang Visayas, at Silangang Visayas], at **Mindanao** [Zamboanga Peninsula, Hilagang Mindanao, Rehiyon ng Davao, Soccsksargen, Caraga Administrative Region, at Autonomous Region in Muslim Mindanao].

Ang mga kategorya ng etnisidad ay nakatala ayon sa sumusunod: **Bikolano**, **Bisaya**, **Cebuano**, **Ilokano**, **Ilonggo**, **Kapampangan**, **Tagalog**, **Waray**, at **Isang etnisidad na hindi nakalista sa itaas** [kasama ang Maranaw at Tausug]


Ang mga kategorya ng relihiyon ay nak ayon sa sumusunod: **Roman Catholic**, **Protestant**, **Iglesia ni Cristo**, **Ibang relihiyong Kristiyano**, **Ibang relihiyon na hindi nakalista dito** [kasama ang Aglipay at Islam], at **Walang relihiyon**.

# DEMOGRAPIKO


### Edad sa mga Kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas




## Sekswal na Oryentasyon sa Kabataan ng LGBTQ+ sa Pilipinas





## Pagkakakilanlan ng Kasarian sa Kabataan ng LGBTQ+ sa Pilipinas




## Lahi at Etnisidad sa Kabataan ng LGBTQ+ sa Pilipinas





## Mga Rehiyon sa Kabataan ng LGBTQ+ sa Pilipinas



## Relihiyon sa Kabataan ng LGBTQ+ sa Pilipinas




## Seguridad sa Pagkain sa mga Kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas




# MGA RESULTA

## Kalusugang Pangkaisipan at Panganib ng Pagpapakamatay


### Panganib ng Pagpapakamatay

Tatlo sa apat ng mga kabataang LGBTQ+ (75%) sa Pilipinas ay seryosong pinag-isipan ang pagpapakamatay. Mahigit kalahati (59%) ang pinag-isipang magpakamatay nitong nakaraang taon. Halos kalahati (46%) ang sa anumang punto ay nagtangkang magpakamatay, na may higit sa isa sa tatlo (34%) na nagtangkang magpakamatay nitong nakaraang taon. Natagpuan namin ang malalaking pagkakaiba sa panganib ng pagpapakamatay sa iba't ibang subgroup ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas:

- Batay sa edad, mas maraming kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na may edad na 15 hanggang 18 taong gulang ang nag-ulat na naisipan nilang magpakamatay (78%) kumpara sa mga nasa edad na 19 hanggang 24 na taong gulang (71%). Mula sa kanila, 65% ng mga kabataang LGBTQ+ na nasa edad na 15 hanggang 18 taong gulang ang nag-ulat na kanilang pinag-isipan ang pagpapakamatay sa nagdaang taon kumpara sa mga nasa edad na 19 hanggang 24 na taong gulang (53%). Katulad nito, mas maraming kabataang LGBTQ+ na nasa edad na 15 hanggang 18 taong gulang ang nag-ulat na nagtangkang magpakamatay (48%) kaysa sa mga nasa edad na 19 hanggang 24 na taong gulang (44%). Mas maraming kabataang LGBTQ+ sa grupo ng edad 15 hanggang 18 ang nag-ulat na nagtangkang magpakamatay nitong nagdaang taon (38%) kaysa sa mga kabataang LGBTQ+ na nasa edad 19 hanggang 24 (31%).




- Batay sa sexual orientation, mas maraming kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na kinikilala ang sarili bilang sexually fluid o pansexual ang nag-ulat na naisipang magpakamatay nitong nagdaang taon (parehong 72%) kumpara sa iba pang sexual orientation subgroup, kabilang ang mga kinikilala ang sarili bilang gay (44%), lesbian (68%), bisexual (57%), queer (65%), asexual (70%), o questioning (64%). Mas marami ring kabataang LGBTQ+ na kinikilala ang sarili bilang sexually fluid o pansexual ang nag-ulat na nagtangkang magpakamatay sa nagdaang taon (48% at 46%) kumpara sa iba pang subgroup, kabilang ang mga kinikilala ang sarili bilang gay (24%), lesbian (41%), bisexual (34%), queer (32%), asexual (34%), o questioning (32%).
- Batay sa gender identity, mas maraming kabataang lalaking transgender ang nag-ulat na naisipang magpakamatay nitong nagdaang taon (75%) kumpara sa mga kabataang kinikilala ang sarili bilang nonbinary (65%), questioning (69%), cisgender na lalaki (43%), cisgender na babae (63%), at babaeng transgender (57%). Mas marami ring kabataang nonbinary ang nag-ulat na nagtangkang magpakamatay nitong nagdaang taon (43%) kumpara sa mga kabataang kinikilala ang sarili bilang questioning (42%), cisgender na lalaki (23%), cisgender na babae (32%), lalaking transgender (36%), at babaeng transgender (41%).





- Batay sa etnisidad, mas maraming kabataang LGBTQ+ na Tagalog at Waray ang nag-ulat na nag-isip magpakamatay nitong nagdaang taon (parehong 61%) kumpara sa iba pang pangkat etniko, kabilang na ang Bikolano (57%), Bisaya (60%), Cebuano (55%), Ilokano (56%), Ilonggo (56%), Kapampangan (58%), at iba pang etnisidad kasama na ang Maranaw at Tausug (58%).
- Batay sa relihiyon, mas maraming kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na walang kaugnayan sa anumang relihiyon ang nag-ulat na nag-isip magpakamatay nitong nagdaang taon (70%) kumpara sa mga kabataang LGBTQ+ mula sa iba pang pangkat ng relihiyon, kabilang ang Roman Catholic (56%), Protestant (43%), Iglesia ni Cristo (63%), iba pang denominasyon ng Kristiyano (60%), at iba pang pangkat ng relihiyon, tulad ng Aglipay at Islam (65%). Bukod pa rito, mas maraming kabataang LGBTQ+ na kabilang sa iba't ibang relihiyosong grupo ang nag-ulat na nagtangkang magpakamatay sa nagdaang taon (41%) kumpara sa mga Roman Catholic (33%), Protestant (24%), Iglesia ni Cristo (40%), iba pang denominasyon ng Kristiyano (35%), at mga walang kaugnayan sa anumang relihiyon (37%).
- Batay sa katayuang sosyo-ekonomiko, mas maraming kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nakaranas ng kawalan ng seguridad sa pagkain ang nag-ulat din na naisipang magpakamatay sa nagdaang taon (62%) kumpara sa mga kabataang LGBTQ+ na nag-ulat na may seguridad sa pagkain (53%). Katulad nito, mas marami sa mga nag-ulat na nakaranas ng kawalan ng seguridad sa pagkain ang nag-ulat din na nagtangkang magpakamatay (39%) kumpara sa mga kabataang LGBTQ+ na nag-ulat na may seguridad sa pagkain (25%).

### Kalusugang Pangkaisipan

Karamihan sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas ay nag-ulat ng mga kamakailang sintomas ng depression (62%) at mga kamakailang sintomas ng anxiety (62%) sa nakaraang dalawang linggo. Sa lahat ng subgroup ng mga kabataang LGBTQ+, 50% o mahigit ang nag-ulat ng pagkakaroon ng sintomas ng depression at anxiety sa nakaraang dalawang linggo. May mga natagpuan kaming pagkakaiba sa mga sintomas ng depression at anxiety sa iba't ibang subgroup ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas:

- Batay sa edad, mas maraming sintomas ng depression (65%) at sintomas ng anxiety (64%) ang naiulat ng mga mas nakababatang LGBTQ+ na nasa edad 15 hanggang 18 kumpara sa mga nasa edad 19 hanggang 24 (58% para sa sintomas ng depression at 59% para sa sintomas ng anxiety).
- Batay sa sexual orientation, ang mga kabataang asexual at pansexual ay nag-ulat ng mas maraming sintomas ng depression at anxiety kumpara sa kanilang mga kapwa kabataan na may iba't ibang sexual identity, at may higit sa 70% ng kabataang LGBTQ+ sa parehong grupo ang nag-ulat ng mas mataas na antas ng depression at anxiety.
- Batay sa gender identity, ang mga questioning ay nag-ulat ng mas mataas na antas ng depression (70%) at anxiety (70%) kumpara sa ibang grupo ng gender identity.



- Batay sa katayuang sosyo-ekonomiko, mas marami ang mga nag-ulat na nakaranas ng kawalan ng seguridad sa pagkain na nag-ulat rin ng mataas na antas ng depression (67%) at anxiety (67%) kumpara sa mga nag-ulat na may seguridad sa pagkain (50% para sa depression; 52% para sa anxiety).
- Batay sa relihiyon, mas maraming kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nag-ulat ng kanilang relihiyon bilang Iglesia ni Cristo (66%) at iba pang mga pangkat na relihiyon kabilang ang Aglipay at Islam (66%) ang nakaranas ng mga kamakailang sintomas ng depression kumpara sa mga Roman Catholic (60%), Protestant (57%), iba pang denominasyon ng Kristiyano (64%), at sa mga walang kaugnayan sa anumang relihiyon (65%).

### Pananakit ng Sarili


Tatlo sa apat ng mga kabataang LGBTQ+ (75%) sa Pilipinas ang nag-ulat na kanilang naisip na saktan ang sarili nitong nagdaang taon. Mula sa kanila, 59% ang nag-ulat na kanilang sinaktan ang kanilang sarili nitong nagdaang taon. Natagpuan din namin ang malalaking pagkakaiba sa pananakit ng sarili sa iba't ibang subgroup ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas:

- Batay sa edad, mas maraming kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nasa edad 15 hanggang 18 taong gulang ang nag-ulat na naisipang saktan ang sarili nitong nagdaang taon (80%) kumpara sa mga kabataang LGBTQ+ na nasa edad 19 hanggang 24 taong gulang (69%). Mula sa kanila, mas maraming kabataang LGBTQ+ na nasa edad 15 hanggang 18 ang nag-ulat na sinaktan ang kanilang sarili nitong nagdaang taon (68%) kumpara sa mga nasa edad 19 hanggang 24 (53%).
- Batay sa sexual orientation, mas maraming kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na kinikilala ang sarili bilang asexual at sexually fluid ang nag-ulat na naisipang saktan ang sarili nitong nagdaang taon (88% at 87%) kumpara sa ibang grupo, kabilang na ang mga nagpakilalang gay (59%), lesbian (84%), bisexual (74%), queer (81%), pansexual (84%), at questioning (77%). Gayunpaman, mas maraming kabataang LGBTQ+ na nagpakilala bilang lesbian at sexually fluid ang nag-ulat na sinaktan nila ang kanilang sarili sa nagdaang taon (73% at 75%) kumpara sa iba pang sexual orientation, kabilang ang mga nagpakilala bilang gay (43%), bisexual (60%), queer (68%), pansexual (71%), asexual (68%), o questioning (61%).
- Batay sa gender identity, mas maraming transgender na lalaki ang nag-ulat na naisipang saktan ang sarili nitong nagdaang taon (87%) kumpara sa iba pang grupo ng gender identity, kabilang ang mga kabataang nagpakilala bilang nonbinary (80%), questioning (84%), cisgender na lalaki (59%), cisgender na babae (80%), at transgender na babae (66%). Tulad nito, mas maraming kabataang transgender na

lalaki ang nag-ulat na sinaktan ang sarili nitong nagdaang taon (72%) kumpara sa mga kabataan ng iba pang grupo ng gender identity, kabilang ang mga kabataang nagpakilala bilang nonbinary (67%), questioning (71%), cisgender na lalaki (43%), cisgender na babae (65%), at transgender na babae (55%).

- Batay sa katayuang sosyo-ekonomiko, mas marami sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nag-ulat na nakaranas ng kawalan ng seguridad sa pagkain ang naisipang saktan ang sarili nitong nagdaang taon (77%) kumpara sa mga nag-ulat na may seguridad sa pagkain (70%).
- Batay sa relihiyon, ang mga kabataang may relihiyon na Aglipay, Islam, o iba pang relihiyon ang nag-ulat ng pinakamataas na antas sa mga nakaisip na saktan ang sarili nitong nagdaang taon (80%) at nagsagawa ng pananakit sa sarili nitong nagdaang taon (69%).

**Pananakit sa Sarili ng mga Kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas Batay sa Relihiyon**





- Batay sa rehiyong heograpiko, mas maraming kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nakatira sa rehiyon ng Luzon ang nag-ulat na naisipang saktan ang sarili nitong nagdaang taon (76%) kumpara sa mga kabataang LGBTQ+ na nakatira sa rehiyon ng Visayas (75%) at rehiyon ng Mindanao (71%).

# Mga Nagpapataas ng Panganib

**Conversion Therapy**

Halos isa sa bawat limang kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas (19%) ang nag-ulat na sila ay pinagbantaang isailalim o sumailalim sa conversion therapy. Ang conversion therapy ay tumutukoy sa iba't ibang mapanganib at hindi kinikilalang praktis na naglalayong baguhin ang sexual orientation o gender identity/expression ng isang tao.


**Conversion Therapy sa mga Kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas**





Ang mga kabataang LGBTQ+ na nag-ulat na pinagbantaang isailalim o sumailalim sa conversion therapy ay may mas mataas na panganib ng pagpapakamatay, mas mataas na posibilidad ng problema sa kalusugang pangkaisipan, at mas mataas na posibilidad na saktan ang kanilang sarili kumpara sa mga kabataang hindi kailanman pinagbantaang isailalim o sumailalim sa conversion therapy.

Ang mga nag-ulat na pinagbantaang isailalim o sumailalim sa conversion therapy ay nag-ulat din na kanilang mas pinag-isipan (69%) at sinubukang magpakamatay nitong nagdaang taon (49%) kumpara sa mga nag-ulat na hindi nakaranas ng mga pagtatangkang baguhin ang kanilang sexual orientation o kasarian (57% para sa mga pinag-isipang magpakamatay at 31% para sa mga nagtangkang magpakamatay).

**Mga Kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na Naisipang Magpakamatay sa Nagdaang Taon, Paghahambing Batay sa Conversion Therapy**




**Mga Kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na Nagtangkang Magpakamatay sa Nagdaang Taon, Paghahambing Batay sa Conversion Therapy**





Katulad nito, ang pagbabantang isailalim o pagsasailalim sa mga pagtatangkang baguhin ang LGBTQ+ na pagkakakilanlan ng isang tao ay nauugnay sa mas mataas na antas ng kamakailang sintomas ng depression (67%), anxiety (68%), at pananakit ng sarili sa nagdaang taon (75%).

## Kawalan ng Tahanan

Higit sa isa sa sampu (12%) ng kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas ang nag-ulat na nawalan ng tahanan dahil sa paglalayas o pagpapalayas sa kanila ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Sa mga lumayas o pinalayas, mas mababa ng kaunti sa isa sa tatlo (30%) ang nag-ulat na ito ay dahil sa kanilang LGBTQ+ na pagkakakilanlan. Ang karanasang mawalan ng tahanan, partikular dahil sa LGBTQ+ na pagkakakilanlan, ay nauugnay sa mas mataas na panganib ng pagpapakamatay, mas mataas na posibilidad ng mga problema sa mental health, at mas mataas na posibilidad ng pananakit sa sarili ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas.

- Sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, ang mga nakaranas na mawalan ng tahanan ay nag-ulat ng mas mataas na porsiyento ng pag-iisip (76%) at pagtatangka (61%) ng pagpapakamatay sa nagdaang taon kumpara sa mga hindi pa nakaranas mawalan ng tahanan (56% para sa mga naisipang magpakamatay at 30% para sa mga nagtangkang magpakamatay).





- Katulad nito, ang mga kabataang LGBTQ+ na nakaranas mawalan ng tahanan ay nag-ulat ng mas mataas na antas ng kamakailang sintomas ng depression (73%) at anxiety (72%) kumpara sa mga hindi pa nakaranas mawalan ng tahanan (60% para sa mga sintomas ng parehong depression at anxiety).
- Natuklasan namin ang mga parehong trend para sa pananakit ng sarili sa mga taong nakaranas mawalan ng tahanan, na may mas mataas na antas ng pag-iisip (85%) at pagsasagawa ng pananakit sa sarili sa nagdaang taon (78%) kumpara sa mga taong hindi pa nakaranas mawalan ng tahanan (73% ang nag-ulat na naisipang saktan ang sarili, 58% ang nag-ulat ng sinaktan ang sarili sa nagdaang taon).

- Para sa mga nag-ulat na ang direktang dahilan ng kanilang kawalan ng tahanan ay ang kanilang LGBTQ+ na pagkakakilanlan, mas mataas ang antas ng pag-iisip (83%) at pagtatangka ng pagpapakamatay (72%) sa nagdaang taon kumpara sa mga taong hindi nauugnay ang kanilang sexual orientation o gender identity sa kawalan ng kanilang tahanan.
- Ang mga kabataang LGBTQ+ na nakaranas mawalan ng tahanan dahil sa kanilang sexual orientation o gender identity ay nag-ulat din ng mas mataas na antas ng mga kamakailang sintomas ng depression (79%), kamakailang sintomas ng anxiety (80%), pag-iisip na saktan ang sarili sa nagdaang taon (90%), at pananakit sa sarili sa nagdaang taon (84%).


### Diskriminasyon at Pambibiktima ng mga Anti-LGBTQ+

Halos tatlo sa apat (74%) ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas ang nag-ulat na sila ay nakaranas ng diskriminasyon dahil sa kanilang sexual orientation o gender identity. Mahigit sa isa sa tatlo (34%) ng mga kabataang LGBTQ+ ang nag-ulat na sila ay pisikal na tinakot o inabuso dahil sa kanilang sexual orientation o gender identity. Ang mga karanasang ito ng diskriminasyon at pambibiktima ay nauugnay sa mas mataas na posibilidad ng problema sa mental health at mas malaking panganib ng pagpapakamatay para sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas.

- Ang mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nadiskrimina dahil sa kanilang sexual orientation at/o gender identity ay nag-ulat ng mas mataas na porsiyento ng pag-iisip tungkol sa pagpapakamatay (63%) at mga tangkang pagpapakamatay (38%) sa nagdaang taon kumpara sa mga kabataang LGBTQ+ na hindi nag-ulat ng diskriminasyon.



- Katulad nito, mas maraming LGBTQ+ na nag-ulat ng karanasan sa diskriminasyon ang nag-ulat din ng mga kamakailang sintomas ng depression (64%) at kamakailang sintomas ng anxiety (64%) kumpara sa mga kabataang hindi nag-ulat ng diskriminasyon.
- Ang pag-iisip na saktan ang sarili (77%) at pagsasagawa ng pananakit sa sarili (64%) sa nagdaang taon ay mas madalas na iniulat sa mga kabataang LGBTQ+ na nakaranas ng diskriminasyon dahil sa kanilang sexual orientation at/o gender identity.
- Ang mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nag-ulat na pisikal na nabiktima dahil sa kanilang sexual orientation at/o gender identity ay mas mataas ang posibilidad na maisipang magpakamatay (66%) at magtangkang magpakamatay (45%) sa nagdaang taon. Mas mataas ang mga posibilidad na ito kumpara sa mga pag-iisip at pagtatangkang pagpapakamatay ng mga kabataang LGBTQ+ na hindi nag-ulat ng pambibiktima.




- Katulad nito, mas maraming LGBTQ+ na nag-ulat ng kanilang karanasang mabiktima ang siyang nag-ulat din ng mga kamakailang sintomas ng depression (68%) at kamakailang sintomas ng anxiety (69%) kumpara sa mga kabataang hindi nabiktima.
- Parehong ang pag-iisip na saktan ang sarili sa nagdaang taon (79%) at ang pagsasagawa ng pananakit sa sarili sa nagdaang taon (69%) ay mas mataas para sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na naranasang mabiktima.

### Self-Stigmatization o Kahihiyan sa Sarili


Halos dalawa sa tatlo (63%) ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas ang itinuturing na pasanin ang kanilang sexual orientation o gender identity. Mahigit sa kalahati (58%) ng mga kabataang LGBTQ+ ang nag-ulat na hindi sila komportable na makipag-ugnay sa iba bilang kanilang tunay na sarili. Sa kabilang banda, ang karamihan ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas (79%) ay naniniwala na ang kanilang sexual orientation at/o gender identity ay nagpapahintulot sa kanilang matamasa ang kanilang mga karapatan at pribilehiyo bilang isang tao. Katulad din nito, sinabi rin ng karamihan sa mga kabataang LGBTQ+ na hindi sila naniniwalang magiging mas masaya sila kung iba ang kanilang pagkakakilanlan. Ang kahihiyan sa sarili ay nauugnay sa mas mataas na posibilidad ng problema sa mental health at pananakit sa sarili, pati na rin sa mas mataas na panganib ng pagpapakamatay para sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas.

- Ang mga kabataang LGBTQ+ na itinuturing bilang pasanin sa iba ang kanilang sexual orientation o gender identity ay nag-ulat ng mas madalas na pag-iisip ng pagpapakamatay (61%) kumpara sa mga hindi nag-ulat ng katulad na saloobin (54%). Katulad nito, mas mataas ang antas ng kamakailang sintomas ng depression (64%) at sintomas ng anxiety (65%) sa mga taong naniniwala na isang pasanin ang kanilang LGBTQ+ na pagkakakilanlan kumpara sa mga hindi naniniwala (57% para sa sintomas ng depression at 54% para sa sintomas ng anxiety). Ang mga taong naniniwalang pasanin ang kanilang LGBTQ+ na pagkakakilanlan ay nag-ulat na mas madalas nilang isiping saktan ang sarili (78%) at isagawa ang pananakit sa sarili (64%) sa nagdaang taon kumpara sa mga hindi naniniwalang isang pasanin ang kanilang LGBTQ+ na pagkakakilanlan (69% para sa pag-iisip na saktan ang sarili at 54% para sa pagsasagawa nito).
- Ang mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na naniniwalang pinipigilan sila ng kanilang pagiging LGBTQ+ na matamasa ang lahat ng kanilang karapatan at pribilehiyo bilang isang tao ay nag-ulat ng mas mataas na porsiyento ng pag-iisip tungkol sa pagpapakamatay sa nagdaang taon (66%) at pananakit ng sarili sa nagdaang taon (63%) kumpara sa mga hindi naniniwala dito (56% para sa pag-iisip ng pagpapakamatay at 59% para sa pananakit ng sarili).

### Akses sa Pangangalaga

Sa kabila ng 77% ng kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nagpahiwatig na nais nila dating sumailalim sa emotional counseling o therapy, tanging 15% lamang ang nag-ulat na sila ay nakatanggap na ng serbisyong pangangalaga sa mental health. Sa mga taong nagnanais ng emotional counseling o therapy, tanging 8% lamang ang nakatanggap ng pangangalaga at nagsabing nakatulong ito sa kanila.  Ang karamihan sa mga kabataang LGBTQ+ (88%) ay

nag-ulat na nais nila ng emotional counseling o therapy sa nagdaang taon, gayunpaman, tanging 9% lamang ang aktuwal na nakatanggap ng pangangalaga sa nagdaang taon. Para sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, ang paniniwalang natulungan sila ng therapy ay nauugnay sa mas mababang posibilidad ng problema sa mental health at mas mababang panganib ng pagpapakamatay. Ang mga kabataang LGBTQ+ na nag-ulat na nakatanggap ng counseling o therapy at naniniwalang nakatulong ito ay may mas mababang posibilidad na mag-isip (63%) at magtangka (39%) ng pagpapakamatay sa nagdaang taon kumpara sa mga nakatanggap ng counseling o therapy ngunit naniniwalang hindi ito nakatulong.




# Mga Proteksiyon


## Pagtanggap ng Komunidad

Kalahati (47%) lamang ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas ang nag-ulat na tinatanggap ng komunidad kung saan sila nakatira ang mga taong LGBTQ+. Mahigit sa isa sa tatlo (36%) ang nag-ulat na nakatira sila sa komunidad na tolerant lamang sa mga LGBTQ+, at 17% ang nag-ulat na nakatira sila sa komunidad na hindi tanggap ang mga LGBTQ+. Para sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, ang paninirahan sa isang komunidad na tanggap ang mga LGBTQ+ ay nauugnay sa mas mababang panganib ng pagpapakamatay, mas mababang panganib na saktan ang sarili, at mas kaunting problema sa kalusugang pangkaisipan.

- Ang mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nakatira sa komunidad na tanggap ang LGBTQ+ ay nag-ulat na mas madalang nilang isipin ang pagpapakamatay sa nagdaang

taon (54%) kumpara sa mga kabataang nakatira sa mga komunidad na tolerant lamang (62%) o hindi tanggap ang mga LGBTQ+ (67%).


- Katulad nito, ang mga kabataang LGBTQ+ na nakatira sa komunidad na tanggap ang mga LGBTQ+ (58%) ay nag-ulat din ng mas madalang na pananakit sa sarili kumpara sa mga nakatira sa mga komunidad na tolerant (63%) at hindi sila tanggap (65%).




## Mga Inklusibong Karanasan sa Pagiging LGBTQ+

Sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, nag-ulat ang karamihan na mayroong sumusuporta sa kanilang sexual orientation (94%) o gender identity (97%). Sa mga kabataang trans at nonbinary sa Pilipinas, nag-ulat ang karamihan sa kabataan (64%) na ilang tao sa kanilang buhay ang gumagalang sa kanilang panghalip at 29% ng mga kabataang trans at nonbinary ang nagsabing karamihan o lahat ng tao sa kanilang buhay ang gumagalang sa kanilang panghalip.


### Ilang tao sa iyong buhay ang gumagalang sa iyong mga pronoun?




Para sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, ang pagkakaroon ng suporta sa kanilang sexual orientation at/o gender identity at ang pagkakaroon ng inklusibong espasyo para sa LGBTQ+ ay nauugnay sa mas mababang posibilidad ng problema sa mental health. Para sa mga kabataang trans at nonbinary sa Pilipinas, ang pagkakaroon ng mga tao sa kanilang buhay na iginagalang ang kanilang mga panghalip ay nauugnay sa mas mababang panganib ng pagpapakamatay at mas mababang posibilidad ng problema sa mental health.

- Iniulat ng karamihan ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na ang kanilang mga kaibigang LGBTQ+ ay sinusuportahan ang kanilang sexual orientation (79%) at/o gender identity (78%).
- Para sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, ang pagkakaroon ng inklusibong espasyo para sa kanilang pagkakakilanlang LGBTQ+ ay nauugnay sa mas mababang antas ng sintomas sa depression (61%) at anxiety (61%) kumpara sa mga kabataang walang napupuntahang inklusibong espasyo para sa LGBTQ+.
- Para sa mga kabataang TGNB sa Pilipinas, ang pag-iisip (57%) at pagtatangkang magpakamatay (33%) sa nagdaang taon ay mas mababa para sa mga kabataang nagsasabing karamihan o lahat ng mga tao sa kanilang buhay ay iginagalang ang kanilang mga panghalip. Sa kabilang banda, ang mga nag-ulat na iilan lamang ang nagbibigay-galang sa kanilang mga panghalip ay may mas mataas na porsiyento (70% para sa nag-isip ng pagpapakamatay at 47% para sa nagtangkang magpakamatay sa nagdaang taon).

- Ang mga kabataang TGNB na nagsabing walang sinuman sa kanilang buhay ang gumagalang sa kanilang mga panghalip ay nag-ulat ng mas mataas na antas ng sintomas ng depression (76%) at anxiety (78%) kumpara sa mga nagsabing karamihan o lahat ng mga tao sa kanilang buhay ang gumagalang sa kanilang mga panghalip (61% para sa mga sintomas ng depression at 60% para sa mga sintomas ng anxiety).




## Mga Suporta


Iniulat ng karamihan sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas (62%) na ang mga social relationship, kabilang ang suporta mula sa pamilya at mga kaibigan, ay tumulong sa kanilang harapin ang mga hamon ng buhay. Bukod pa rito, iniulat ng 59% na ang mga indibidwal na kondisyon, tulad ng katatagan, kumpiyansa sa sarili, at pagkakaroon ng optimismo, ay tumulong sa kanilang harapin ang mga hamon sa buhay.

Ang mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nag-ulat na wala sila ng alinman sa mga kondisyong ito o mayroong propesyonal na suporta sa mental health upang tulungan sila sa mga hamon ng buhay ay nag-ulat ng mas malaking panganib ng pagpapakamatay at mas mataas na posibilidad ng problema sa mental healthan.

- Sa kabilang banda, ang suporta ng pamilya ay nauugnay sa pinakamababang panganib ng pagpapakamatay sa lahat ng mga kondisyong pinag-aralan. Ang pag-iisip na magpakamatay sa nagdaang taon (51%) at pagtatangkang magpakamatay sa nagdaang taon (26%) ay partikular na pinakamababa sa mga taong kinilala ang


suporta ng kanilang pamilya bilang isang mahalagang kondisyon upang masolusyonan ang mga hamon sa buhay.

### Panganib ng Pagpapakamatay sa Kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas at mga Proteksiyon




- Ang mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nagsabing sila ay nakatanggap ng suporta mula sa mga propesyonal sa kalusugang pangkaisipan, walang natanggap na suporta, o hindi sigurado sa kanilang mga natanggap na suporta, ay patuloy na nag-ulat ng mas malaking panganib sa pagpapakamatay, mas mataas na antas ng kamakailang sintomas sa depression at anxiety, at mas mataas na posibilidad ng pananakit sa sarili sa nagdaang taon kumpara sa mga kabataang nag-ulat na nakatanggap ng suporta mula sa mga nabanggit na kondisyon.

## Panganib ng Pagpapakamatay sa Kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas at mga Proteksiyon





### Relihiyon

Halos tatlo sa apat na kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas (74%) ang nag-ulat na nakikibahagi sa mga gawaing panrelihiyon nang hindi bababa sa isang beses kada dalawang buwan. Halos dalawa sa tatlo (63%) ang nagpakilala bilang Roman Catholic, samantalang 16% ang nagpahiwatig na hindi sila nagsasagawa ng mga gawaing pangrelihiyon.

Sa mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas, ang pagsasagawa ng gawaing panrelihiyon nang hindi bababa sa isang beses kada dalawang buwan ay nauugnay sa mas mababang panganib ng pagpapakamatay, mas mababang problema sa kalusugang pangkaisipan, at mas mababang posibilidad ng pananakit sa sarili.

- Ang mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na nagsabing walang relihiyon ay nag-ulat ng mas mataas na porsiyento ng pag-iisip na magpakamatay (75%) sa nagdaang taon kumpara sa mga nag-ulat na nagsasagawa ng mga gawaing panrelihiyon nang hindi bababa sa isang beses kada dalawang buwan (56%) at sa mga nagpakilalang may relihiyon ngunit hindi kailanman sumasali sa mga gawain nito (64%).




- Ang mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas na walang relihiyon ay nag-ulat ng mataas na antas ng kamakailang sintomas ng depression (69%) kumpara sa mga kabataang nag-ulat na nagsasagawa ng mga gawaing panrelihiyon nang hindi bababa sa isang beses kada dalawang buwan (60%) at mga kabataang nag-ulat na may relihiyon ngunit hindi kailanman sumasali sa mga gawain nito (65%). Katulad nito, ang mga walang relihiyon ay nag-ulat ng mas mataas na antas ng kamakailang sintomas ng anxiety (69%) kumpara sa mga kabataang nag-ulat na nagsasagawa ng mga gawaing panrelihiyon nang hindi bababa sa isang beses kada dalawang buwan (60%) at sa mga nag-ulat na may relihiyon ngunit hindi kailanman sumasali sa mga gawain nito (64%).

# MGA REKOMENDASYON

Batay sa mga nakuhang pananaw mula sa pag-aaral, inirerekomenda namin ang mga sumusunod na aksiyon para sa mga komunidad ng mga propesyonal sa larangan ng kalusugang pangkaisipan at tagapagpatupad ng patakaran sa bansa:

**Magpatupad ng mga komprehensibong batas at patakaran laban sa diskriminasyon upang matiyak na mapoprotektahan ang mga panlipunan at pang-ekonomiyang karapatan na nakaaapekto sa kalagayan ng kalusugang pangkaisipan ng mga LGBTQ+ na**

**Pilipino.** Ang pagbibigay ng isang inklusibo at komprehensibong ligal na tugon sa mga karapatan ng tao ay mas lalong nakikita na malaking benepisyo sa kalusugang pangkaisipan ng mga kabataang LGBTQ+ (Mann et al., 2016). Makabuluhan din ito sa panganib ng pagpapakamatay: Bukod sa pagbibigay ng ligal na batayan para sa inklusibong aksiyon, ang pagkakaroon ng mga inklusibong batas na malinaw na binabanggit ang mga miyembro at pagkakakilanlan ng LGBTQ+ bilang isang protektadong grupo ay may pangontrang epekto sa parehong pagpapakamatay at iba pang kondisyon sa kalusugan (Aivadyan et al., 2023; Prairie et al., 2022). Sa gayon, ang mga taong nagsusulong na maiwasan ang pagpapakamatay ng mga kabataang LGBTQ+ sa Pilipinas ay makakalahok sa mga adbokasiyang nasa lehislatura, bilang ang tagumpay ng kanilang mga panukala ay lubos na nakasalalay sa mga umiiral na batas. Mayroong hindi bababa sa tatlong landas para sa mga ganitong panukala: (a) ang pag-aapruba at implementasyon ng mga komprehensibong patakaran laban sa diskriminasyon sa antas ng mga indibidwal na munisipalidad; (b) pagtitiyak na kasama ang mga pangangailangan ng mga LGBTQ+ sa interpretasyon ng mga umiiral na patakaran at aksiyon ng estado, tulad ng mga nakikitang panukala ng iba't ibang organisasyong LGBTQ+ na gamitin ang mga patakaran ng Gender and Development (GAD) para sa mga adbokasiya ng karapatang pantao ng LGBTQ+ (Delos Santos & Cavenett, 2022); at © ang pagpapasa ng mga pambansang batas na malinaw na pinapangalanan ang LGBTQ+ bilang isang protektadong grupo, na hindi lamang makikita sa pakikibaka ng SOGIESC Equality Bill sa kasalukuyang bersiyon nito kundi pati na rin sa iba pang batas tulad ng Safe Spaces Act of 2019.

**Palawakin ang literasiya at psycho-education tungkol sa mga karanasan at kalusugang pangkaisipan ng mga LGBTQ+ upang mabulaanan at maiwasan ang mga maling paniniwala at stereotype.** Kinakailangan ang pagpapalawak ng literasiya at psycho-education sa iba't ibang konteksto upang makalikha ng inklusibo at sumusuportang kapaligiran para sa mga LGBTQ+. Maaaring makatulong ito na mabulaanan at maiwasaan ang mga maling paniniwala at stereotype na pumapaligid sa mga indibidwal na LGBTQ+, magtaguyod ng pang-unawa at pakikiramay, at magpalaganap ng mas bukas at inklusibong lipunan (Cramwinckel et al., 2018). Sa pamamagitan ng pagbibigay ng makatotohanan at makabuluhang impormasyon tungkol sa SOGIESC at mga karanasan ng LGBTQ+, maaari nating hamunin ang mga maling paniniwala, tugunan ang mga bias, at labanan ang diskriminasyon sa loob at labas ng paaralan. Isang paraan para makamit ito ay sa pamamagitan ng pagbubuo ng inklusibong patakaran laban sa pambu-bully sa mga paaralan. Ang mga patakaran na ito ay maaaring makatulong sa paglikha ng ligtas at sumusuportang kapaligiran para sa mga estudyanteng LGBTQ+, upang mabawasan ang panganib ng pagiging biktima at maitaguyod ang mental at pisikal na kalusugan (Russell et al., 2021).

**Magtatag ng mga support program sa komunidad para sa mga kabataang LGBTQ+ at kanilang mga pamilya.** Maaaring nahaharap ang mga indibidwal na LGBTQ+ sa malubhang stress bilang isang minorya sa tahanan, na maaaring magdulot ng iba't ibang uri ng pagtanggi na maaari namang humantong sa mas mataas na panganib ng karahasan sa tahanan, kawalan ng tahanan, at pagtatakwil. Ang pagtatatag ng mga support program sa komunidad ay makatutulong na lumikha ng mga inklusibo at ligtas na kapaligiran. Ang pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa SOGIESC sa loob ng mga tahanan ng mga taong LGBTQ+ at kanilang mga pamilya ay magbubuo ng mas matibay na basehan ng mga kaalyado at mga tagapagtaguyod ng LGBTQ+. Makatutulong ang panukalang ito na pabulaanan ang mga maling paniniwala at kathang-isip tungkol sa mga LGBTQ+, makadaragdag sa pakikiramay para sa mga indibidwal na LGBTQ+, at magpapabuti ng akses sa mga makatutulong na resource. Higit pa rito, maaaring pagtibayin din nito ang ating mga kasunduan sa mga organisasyon ng gobyerno at NGO, mga ahensiya ng serbisyong panlipunan, mga justice at human rights foundation, at mga psychosocial health clinic na nagbibigay ng kaukulang suporta para sa mga kabataan at pamilyang LGBTQ+ upang harapin ang mga hamong may kaugnayan sa mga inisyatiba ng ligtas na pabahay, mga serbisyong interbensiyon laban sa krisis, at mga peer support program.

**Magpatupad ng mga patakaran at programa upang matiyak ang akses ng mga LGBTQ+ sa mahusay, kompleto, at inklusibong pangagalaga sa kalusugang pangkaisipan.** Sa antas ng mga indibidwal na healthcare provider at mga institusyong pangkalusugan, napakahalagang makapagbigay ng pangangalagang inklusibo sa LGBTQ+ upang matugunan ang kalusugang pangkaisipan ng mga grupong nasasailalim sa stigma at may malubhang panganib sa pagpapakamatay, na siyang detalyadong nakadokumento sa pag-aaral na ito. Isang panawagang aksiyon upang maisakatuparan ito ay ang pagpapalawak at pagpapabuti sa pagsasanay ng mga propesyonal sa kalusugang pangkaisipan at mga kaugnay na service provider upang matiyak ang mga kasanayang etikal at inklusibo sa LGBTQ+. Kasama rito ang pag-unawa sa natatanging epekto ng minority stress, pakikinabang sa mga natatanging karanasan at kalakasan ng mga indibidwal na LGBTQ+, at pagtataguyod ng kanilang kapakanan sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga aktibidad na nakatuon sa pagtitiyak na ang mga LGBTQ+ ay nakatatanggap ng angkop na pangangalaga.

**Lumikha ng mas matibay na ebidensiya laban sa mga pagsisikap na baguhin ang sexual orientation at gender identity (SOGICE) at kaugnay na mga gawain sa konteksto ng Pilipinas.** Isa sa mga natatanging tampok ng pag-aaral na ito ay ang pagsasama ng mga hakbang na may kaugnayan sa mga pagsisikap na baguhin ang sexual orientation at gender identity (SOGICE), na tinatawag din bilang "reparative therapy," "conversion therapy," at iba

pa (Fenaughty et al., 2023; Kinitz et al., 2021). Sa kasalukuyang paggamit nito, nananatiling malaki ang hindi pagkakaunawa at kawalan ng katiyakan tungkol sa SOGICE. Sa kakulangan ng datos at mga pag-aaral na nagdodokumento ng SOGICE sa Pilipinas, ang mga porma, saklaw, at epekto nito ay nananatiling hindi malinaw. May agarang pangangailangan para sa malawakang pag-aaral upang linawin ang kalaganapan, mga pamamaraan, at mga kinahihinatnan ng SOGICE sa Pilipinas, na magbibigay-kaalaman sa mga patakaran at interbensiyon na naglalayong protektahan ang mga indibidwal na LGBTQ+ mula sa mga masamang praktis na ito.

**Lumikha ng mas matibay na ebidensiya hinggil sa mga pangangailangan sa kalusugang pangkaisipanng mga LGBTQ+ sa konteksto ng Pilipinas.** Mahalaga ang mga pag-aaral sa pagpapaunlad ng karapatan ng LGBTQ+ sa Pilipinas upang lumikha ng mas inklusibo at positibong edukasyon para sa mga kabataang LGBTQ+. Mahalagang solusyonan ang mga malalaking hadlang na kinahaharap ng mga LGBTQ+ sa pamamagitan ng mga datos na batay sa ebidensya. Ang komunidad ng LGBTQ+ sa Pilipinas ay patuloy na nakararanas ng diskriminasyon, stigma, at mga mapanghusgang pananaw. Makikita sa mga pag-aaral na humigit-kumulang 1/4 ng populasyon ng mga Pilipino ay may negatibong pananaw sa mga bakla at lesbian. Bukod pa rito, natuklasan sa isang pag-aaral tungkol sa mga mag-aaral na Pilipino na ang mga kalahok na non-gender-variant ay nag-ulat ng mas malubhang genderism at transphobia kumpara sa kanilang mga kaedad na gender-variant. Ipinapahiwatig ng mga resultang ito ang pangangailangan para sa mas maraming pag-aaral na batay sa ebidensiya upang tugunan ang mga komplikasyon at interseksiyonalidad ng mga isyung LGBTQ+ sa Pilipinas (Evangelista et al., 2022; Marshall et al., 2019).

## Tungkol sa The Trevor Project

Ang Trevor Project ay ang nangungunang organisasyon para sa pagpigil ng

pagpapakamatay at pamamagitan sa krisispara sa mga kabataang LGBTQ+. Nagbibigay ang Trevor ng 24/7 na serbisyo sa panahon ng krisis, kung saan ikinokonekta ang mga counselor na sumailalim sa masinsinang training sa mga kabataang LGBTQ+ kung kailanman nila kailangan ng suporta. Upang isulong ang mga panukala nito, ang Trevor Project ay nagsasagawa rin ng mga malawakang pag-aaral, adbokasiya, edukasyon, at mga peer support program.

Kung nangangailangan ka o ang iyong kakilala ng tulong o suporta, tumawag sa numerong 1-866-488-7386, mag-chat sa [TheTrevorProject.org/Get-Help](TheTrevorProject.org/Get-Help), o mag-text ng START sa 678678, kung saan available 24/7 ang mga trained crisis counselor ng The Trevor Project.

## Pagkilala

Ang ulat na ito ay pinangunahan ng Research Team ng The Trevor Project sa United States, sa pakikipagtulungan ng aming mga academic partner na sina Marc Eric S. Reyes, Beatriz A. Torre, Angelie D. Bautista, Jan Gabriel M. Castañeda, Junix Jerald I. Delos Santos, at Moniq M. Muyargas ng Psychological Association of the Philippines' LGBT Psychology Special Interest Group. Ang mga may-akda ng ulat na ito ay nagpapasalamat sa mga kontribusyon ng mga sumusunod na indibidwal: Kevin Wong, Dr. Will Cole, Marissa Cohnen, Dr. Myeshia Price, Nathanio Strimpopulos, Nolan Scott, Zach Eisenstein, at ang Psychological Association of the Philippines. Labis din naming pinasasalamatan ang lahat ng mga kalahok para sa kanilang inilaang oras at kaalaman.

## Inirerekumendang Sipi:

Reyes, M.E.S, Torre, B.T., Bautista, A.D., Castañeda, J.G.M., Delos Santos, J.J.I., Muyargas, M.M., Taylor, A.B., Eden, T. M., Hobaica, S., Lara, E.A., Jauregui, J.C., Jarrett, B.A., Suffredini, K., & Nath, R. (2024). 2024 Philippines national report on the mental health of LGBTQ+ young people. West Hollywood, California: The Trevor Project.
[[https://thetrevorproject.org/survey-international/ph/2024/tl/](https://thetrevorproject.org/survey-international/ph/2024/tl/)]

**Para sa katanungan ng media:**
Press@TheTrevorProject.org

**Para sa katanungan kaugnay ng pag-aaral:**
Research@TheTrevorProject.org

in collaboration with

# MGA SANGGUNIAN


Abesamis, L. E. A., & Alibudbud, R. (2024). From the bathroom to a national discussion of LGBTQ+ rights: A case of discrimination in the Philippines. *Journal of Lesbian Studies, 28*(1), 84-99. https://doi.org/10.1080/10894160.2023.2251775

Aivadyan, C., Slavin, M. N., & Wu, E. (2023). Inclusive state legislation and reduced risk of past-year suicide attempts among lesbian, gay, bisexual, and questioning adolescents in the United States. *Archives of Suicide Research: Official Journal of the International Academy for Suicide Research*, *27*(1), 63–79. https://doi.org/10.1080/13811118.2021.1967237

Alibudbud, R. C. (2023). Gender in mental health: Toward an LGBTQ+ inclusive and affirming psychiatry and mental healthcare in the Philippines. *Frontiers in Psychiatry*, *14*, 1189231, 1-4. https://doi.org/10.3389/fpsyt.2023.1189231

Alibudbud, R. C. (2021). "Does sexual orientation matter?": A comparative analysis of the prevalence and determinants of depression and anxiety among heterosexual and non-heterosexual college students in a university in Metro Manila. *Journal of Homosexuality*, 1–19. https://doi.org/10.1080/00918369.2021.2015953

Almeida, J., Johnson, R. M., Corliss, H. L., Molnar, B. E., & Azrael, D. (2009). Emotional distress among LGBT youth: The influence of perceived discrimination based on sexual orientation. *Journal of Youth and Adolescence*, *38*(7), 1001–1014. https://doi.org/10.1007/s10964-009-9397-9

ASEAN SOGIE Caucus. (2017). *The rainbow in context: An overview of the situation of lesbian, gay, bisexual, transgender, intersex, and queer (LGBTIQ) persons in Southeast Asia*. ASEAN SOGIE Caucus.

ASEAN SOGIE Caucus (2021). *Sexual orientation, gender identity and expression, and sex characteristics (SOGIESC) and the UN human rights mechanisms in Southeast Asia (2017-2020)*. ASEAN SOGIE Caucus.

Bautista, A. D., Pacayra, E. E., Sunico-Quesada, C. R., Reyes, M. E. S., & Roger, D. D., (2017). The fizzling effect: A phenomenological study on suicidality among Filipino lesbian women and gay men. *Psychological Studies, 62*(3), 334–343. https://doi.org/10.1007/s12646-017-0411-0

Bernardo, A. B. (2013). Exploring social cognitive dimensions of sexual prejudice in Filipinos. *Philippine Journal of Psychology, 46*(2), 19-48.

Bilon, X. J., & de Leon, C. (2018, June 25). With no national law, can we rely on local ordinances to protect LGBTQs against discrimination?. *CNN Philippines*. https://cnnphilippines.com/life/culture/2018/06/25/antidiscrimination-bill-lgbtq.html

Cleofas, J. V., & Alibudbud, R. C. (2023). Emerging from a two-year-long quarantine: A retrospective study on life satisfaction trajectory and depression among young LGBTQ+ students in the Philippines. *SAGE Open Nursing, 9*, 23779608231158980. https://doi.org/10.1177/23779608231158980

Cramwinckel, F. M., Scheepers, D. T., & van der Toorn, J. (2018). Interventions to reduce blatant and subtle sexual orientation- and gender identity prejudice (SOGIP): Current knowledge and future directions. *Social Issues and Policy Review, 12*(1), 183-217. https://doi.org/10.1111/sipr.12044

Delos Santos, J. J. I., & Cavenett, T. (2022). *Bahagi ka ng bahaghari: Advocating a gender-responsive program against LGBTQ+ prejudice and discrimination in the Philippines*. 2021-22 LLI capstone project, Global Psychology Learning Leadership Institute. https://www.apa.org/international/networks/global-psychology-alliance/learning-leadership-institute

Evangelista, Z. M., Lido, C., Swingler, M., & Bohan, J. (2022). Exploring LGBT+ campus climate in the UK and Philippines: How prejudice and belonging shape inclusion in higher education. *European Journal of Social Psychology, 52*(2), 342-360. https://doi.org/10.1002/ejsp.2801

Fenaughty, J., Tan, K., Ker, A., Veale, J., Saxton, P., & Alansari, M. (2023). Sexual orientation and gender identity change efforts for young people in New Zealand: Demographics, types of suggesters, and associations with mental health. *Journal of Youth and Adolescence*, *52*(1), 149–164. https://doi.org/10.1007/s10964-022-01693-3

Figueiredo, A. R., & Abreu, T. (2015). Suicide among LGBT individuals. *European Psychiatry, 30*(S1), 1-1. https://doi.org/10.1016/S0924-9338(15)31398-5

Fish, J. N., McInroy, L. B., Paceley, M. S., Williams, N. D., Henderson, S., Levine, D. S., & Edsall, R. N. (2020). I'm kinda stuck at home with unsupportive parents right now: LGBTQ

youths' experiences with COVID-19 and the importance of online support. *Journal of Adolescent Health, 67*(3), 450–452. https://doi.org/10.1016/j.jadohealth.2020.06.002.

Frost, D. M., & Meyer, I. H. (2023). Minority stress theory: Application, critique, and continued relevance. *Current Opinion in Psychology, 51.* https://doi.org/10.1016/j.copsyc.2023.101579

Garro, M., Novara, C., Di Napoli, G., Scandurra, C., Bochicchio, V., & Lavanco, G. (2022). The role of internalized transphobia, loneliness, and social support in the psychological well-being of a group of Italian transgender and gender non-conforming youths. *Healthcare*, *10*(11), 2282. https://doi.org/10.3390/healthcare10112282

Greene-Rooks, J. H., Schuermann, H., Pearce, J., Khan, S., & Dunlap, C. (2021). LGBTQ clients and adverse laws: Mental health concerns and advocacy suggestions. *Journal of LGBTQ Issues in Counseling, 15*(3), 329-349. https://doi.org/10.1080/15538605.2021.1914276

Haas, A. P., Eliason, M., Mays, V. M., Mathy, R. M., Cochran, S. D., D'Augelli, A. R., Silverman, M. M., Fisher, P. W., Hughes, T., Rosario, M., Russell, S. T., Malley, E., Reed, J., Litts, D. A., Haller, E., Sell, R. L., Remafedi, G., Bradford, J., Beautrais, A. L., Brown, G. K., … Clayton, P. J. (2011). Suicide and suicide risk in lesbian, gay, bisexual, and transgender populations: review and recommendations. *Journal of Homosexuality*, *58*(1), 10–51. https://doi.org/10.1080/00918369.2011.534038

Hanckel, B., Vivienne, S., Byron, P., Robards, B., & Churchill, B. (2019). 'That's not necessarily for them': LGBTIQ+ young people, social media platform affordances and identity curation. *Media, Culture & Society, 41*(8), 1261–1278. https://doi.org/10.1177/0163443719846612

Hechanova, M. R., Valentin, A.P., & Alampay, K.P. (2022). Age, COVID-19, and Mental Health in the Philippines: A Multidimensional Perspective. *Asia-Pacific Social Science Review, 22*(1), 142-157.

Ildefonso, T. M. (2024). SOGIE equality bill deliberations in the 18th Congress of the Philippines: A persisting battle against discrimination. *South East Asia Research*. https://doi.org/10.1080/0967828X.2024.2320819

IOM (Institute of Medicine). 2011. *The health of lesbian, gay, bisexual, and transgender people: Building a foundation for better understanding.* The National Academies Press.

Joaquin, J. J. B., Biana, H. T., & Dacela, M. A. (2020). The Philippine higher education sector in the time of COVID-19. *Frontiers in Education, 5*. https://doi.org/10.3389/feduc.2020.576371

Kinitz, D.J., Salway, T., Dromer, E., Giustini, D., Ashley, F., Goodyear, T., Ferlatte, O., Kia, H., & Abramovich, A. (2021). The scope and nature of sexual orientation and gender identity and expression change efforts: A systematic review protocol. *Systematic Reviews, 10,* 14. https://doi.org/10.1186/s13643-020-01563-8

Kittiteerasack, P., Matthews, A. K., Steffen, A., Corte, C., McCreary, L. L., Bostwick, W., Park, C., & Johnson, T. P. (2021). The influence of minority stress on indicators of suicidality among lesbian, gay, bisexual and transgender adults in Thailand. *Journal of Psychiatric and Mental Health Nursing, 28*(4), 656–669. https://doi.org/10.1111/jpm.12713

Manalastas, E. J. (2013). Sexual orientation and suicide risk in the Philippines: Evidence from a nationally representative sample of young Filipino men. *Philippine Journal of Psychology, 46*(1), 1-13.

Manalastas, E. J. (2016). Suicide ideation and suicide attempt among young lesbian and bisexual Filipina women: Evidence for disparities in the Philippines. *Asian Women, 32*(3), 101-120.

Manalastas, E. J. (2017, May). Anti-discrimination ordinances. *Eric Julian Manalastas*. https://pages.upd.edu.ph/ejmanalastas/policies-ordinances.

Manalastas, E. J., Ojanen, T. T., Torre, B. A., Ratanashevorn, R., Hong, B. C. C., Kumaresan, V., & Veeramuthu, V. (2017). Homonegativity in Southeast Asia: Attitudes toward lesbians and gay men in Indonesia, Malaysia, the Philippines, Singapore, Thailand, and Vietnam. *Asia-Pacific Social Science Review, 17*(1), 25–33.

Manalastas, E. J. D., & Torre, B. A. (2013). *Social psychological aspects of advocating LGBT human rights in the Philippines*. Gender and Justice Action Research Program, Institute of Human Rights, University of the Philippines Law Center.

Manalastas, E. J., & Torre, B. A. (2016). LGBT psychology in the Philippines. *Psychology of Sexualities Review, 7*(1), 60–72. https://doi.org/10.53841/bpssex.2016.7.1.60

Marshall, Z., Welch, V., Minichiello, A., Swab, M., Brunger, F., & Kaposy, C. (2019). Documenting research with transgender, nonbinary, and other gender diverse (trans) individuals

and communities: Introducing the global trans research evidence map. *Transgender Health, 4*(1), 68-80. https://doi.org/10.1089/trgh.2018.0020

Meyer, I. H. (2003). Prejudice, social stress, and mental health in lesbian, gay, and bisexual populations: Conceptual issues and research evidence. *Psychological Bulletin, 129*(5), 674. https://doi.org/10.1037%2F0033-2909.129.5.674

Mann, S. P., Bradley, V. J., & Sahakian, B. J. (2016). Human rights-based approaches to mental health: A review of programs. *Health and human rights*, *18*(1), 263–276.

Prairie, K., Kivisto, A. J., Gray, S. L., Taylor, N., & Anderson, A. M. (2023). The association between hate crime laws that enumerate sexual orientation and adolescent suicide attempts. *Psychology, Public Policy, and Law, 29*(2), 196–209. https://doi.org/10.1037/law0000360

Frost, D. M., & Meyer, I. H. (2009). Internalized homophobia and relationship quality among lesbians, gay men, and bisexuals. *Journal of Counseling Psychology, 56*(1), 97–109. https://doi.org/10.1037/a0012844

Reyes, M. E. S., Barroga, P. A. B., Bracino, H. A., Danseco, A. R. P., Garcia, J. A. A., Ventura, D. C., Pacquing, M. C. T., & Cuambot, J. I. V. (2024). OK, ba ako? LGBTQ Filipino emerging adults' mental health amidst the pandemic. *North American Journal of Psychology, 26*(1), 139-166.

Reyes, M. E. S., Cabanilla, V. F. C., Gavino, A. J. S., Gonzaga, R. I. S., Hojilla, M. L. H., Isidro, M. K. R., Mesina, D. M. C., Tan, A. C. C., & Konopka, K. (2023). Transvisibility: A look into Filipinos' attitudes toward transgender individuals. *Sexuality and Culture.* https://doi.org/10.1007/s12119-023-10130-x

Reyes, M. E. S., Davis, R. D., Dacanay, P. M. L., Antonio, A. S. B., Beltran, J. S. R., Chuang, M. D., Leoncito, A. L. I. (2017a). The presence of self-stigma, perceived stress, and suicidal ideation among selected LGBT Filipinos. *Psychological Studies, 62*(3), 284–290. https://doi.org/10.1007/s12646-017-0422-x

Reyes, M. E. S., Davis, R. D., David, A. J. A., Del Rosario, C. J. C., Dizon, A. P. S., Fernandez, J. L. M., & Viquiera, M. A. (2017). Stigma burden as a predictor of suicidal behavior among lesbians and gays in the Philippines. *Suicidology Online, 8*(26), 1-10. http://suicidology-online.com/pdf/SOL-2017-8-26.pdf

Reyes, M. E. S., Davis, R. D., Salonga, B. M., Cheng, H. A. T., Vasquez, A. N. V., Cruz, G. J. S., Muslim, N. M., Medriano, K. K. S., & McCutcheon, L. E. (2021). Sexual prejudice: Filipinos' attitudes toward lesbians and gay men. *North American Journal of Psychology, 23*(4), 617–638.

Reyes, M. E. S., Lanic, P. J. P., Lavadia, E. N. T., Tactay, E. F. J. L., Tiongson, E. R., Tuazon, P. J. G., & McCutcheon, L. E. (2015). Self-stigma, self-concept clarity, and mental health status of Filipino LGBT individuals. *North American Journal of Psychology, 17*(2), 343–350.

Reyes, M. E. S., Victorino, M. C., Chua, A. P., Oquendo, F. Y., Puti, A. S., Reglos, A. A., & McCutcheon, L. E. (2015). Perceived parental support as a protective factor against suicidal ideation of self-identified lesbian and gay Filipino adolescents. *North American Journal of Psychology, 17*(2), 245-250.

Russell, S. T., Bishop, M. D., Saba, V. C., James, I., & Ioverno, S. (2021). Promoting school safety for LGBTQ and all students. *Policy Insights from the Behavioral and Brain Sciences, 8*(2), 160–166. https://doi.org/10.1177/23727322211031938

Talabong, R. (2020, October 29). Isko Moreno signs Manila anti-discrimination ordinance. *Rappler.* https://www.rappler.com/nation/isko-moreno-signs-anti-discrimination-ordinance-manila-october-2020.

Sayson, F., & Nisperos, M. (2015, July 22). Gender and sexuality 101: Learn before you discriminate. *Rappler.* https://r3.rappler.com/move-ph/issues/gender-issues/100125-gender-sexuality-terms-education.

Tan, A. C. C., Reyes, M. E. S., & Davis, R. D. (2019). Parental attitude, internalized homophobia, and suicidal ideation among selected self-identified Filipino gay men in the Philippines. *Suicidology Online, 10*(8). http://www.suicidology-online.com/pdf/SOL-2019-10-8.pdf

Tan, K. K., & Saw, A. T. (2022). Prevalence and correlates of mental health difficulties amongst LGBTQ people in Southeast Asia: A systematic review. *Journal of Gay & Lesbian Mental Health, 27*(4), 401-420. https://doi.org/10.1080/19359705.2022.2089427

Tubeza, P. C. (2013, June 8). PH ranks among most gay-friendly in the world. *Inquirer.* https://globalnation.inquirer.net/76977/ph-ranks-among-most-gay-friendly-in-the-world#ixzz70vfQSz2X

UNDP, USAID (2014). *Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report*. Bangkok. https://www.undp.org/publications/being-lgbt-asia-philippine-country-report

Ventriglio, A., Mirandola, M., Galeazzi, G. M., Amaddeo, F., Pinna, F., Converti, M., Fiorillo, A., & Italian Working-Group on LGBTQI Mental Health. (2022). Mental health for LGBTQI people: A policies' review. *International Review of Psychiatry, 34*(3-4), 200-214. https://doi.org/10.1080/09540261.2022.2052266

WHO. (2021). *Suicide worldwide in 2019: Global health estimates*. World Health Organization. https://apps.who.int/iris/bitstream/handle/10665/341728/9789240026643-eng.pdf

WHO. (2019). *Suicide worldwide in 2019*. World Health Organization. https://www.who.int/publications/i/item/9789240026643

© The Trevor Project 2024